CAPTURE YOU (With Sequel and Prequel) BY Rumphii

Softcopy Published: 10/26/2013

None of this property belongs to YOU. All the credits belongs to the OWNER.

Plagiarizing is a crime! No to plagiarizing!

Name, age, place and happenings are pure fiction! Any resemblance to the following are coincidental.

Copyright © 2013 by Rumphii. All rights reserved. STEALING IS A CRIME.

If you’re going to post MY story to other sites, please do acknowledge me as the author.

ENJOY READING! XOXO! DONT FORGET TO SUPPORT MY STORIES ON WATTPAD.

~

"Hoi! Louie! Nasan ka na? Natuntun mo na ba yung bahay ng photographer?" kung maka hoi! Eh dapat siya ang nandito eh.

Aish! Ang init naman. Saan ba ang exact address ng photographer?

"Eh wala pa. You didn't gave me the exact address of this guy."

"Eh yun yung binigay nyang address eh. Sorry best. Hayaan mo, babawi na lang ako sa 'yo mamaya."

"Pfftt! K k. Magtatanong na lang ako dito. Byee!"

Aishh! Anyareee sakin? Ako ang model pero ako ang naghahanap ng photographer. -_-

"Ahm. Kuya, kilala mo ba ang address? Importante lang talaga." tanong ko sa lalaking may dala-dalang camera na nakatayo sa may puno.

Humarap sya sakin. Tapos kinunan nya ako ng litrato.

O_____________O

Muntanga lang?!

"Ah. Kuya. Nagtatanong po ako. Hindi nagpapakuha ng litrato." Tapos binigay ko sa kanya ang address.

Sayang. Ang gwapo pa naman nya.

Teka. Wait!

Kilala ko to ah.

"Ohw! This is me. Kanina ka pa?" sabi niya habang nakangiting tinititigan yung card.

Nagkatinginan kami.

Nakatingin lang kami sa isa't isa.

"Ah. Y-yes. So. ." this can't be. Akala ko ba wala na.

"Im sorry. Tara na?!" sabi niya.

Tapos hinablot nya yung kamay ko.

"W-wait. Saan tayo pupunta?!" i ask him. Nalilito ako.

"Eh di sa venue." he answered me tapos sumakay na kami ng kotse.

- SA RESORT -

"Best! Bakit ang tagal nyo?" bati sakin ni best. Ang galing naman ng tanong niya.

"Ahm. Sorry. Ako kasi, kung saan saan nagsusuot." siy.

"Ah. Ganun ba?! Oh sya, pumunta ka na dun at magsisimula na. Ikaw naman Louie, yung wedding dress mo, ready na."

Ah okay? Ready na.

Bigla na lang siyang nahinto.

"What?!" ako.

"Aheemmm!" si best.

Tapos ngayun ko pa lang napuna na magkaholding hands kami ni,

Sino nga ba tong taong to?!

Tapos kumalas sya sakin.

"Ahm. Sige. Pupunta na ko. Sorry talaga." tapos umalis na siya. Awkward, sino nga ba siya? Di ko siya kilala! Bakit kami magkaholding hands?

Nakatingin lang ako sa kanya.

"Oi best! Gising na! May trabaho pa tayo. Mamaya ka na lang magpantasya."

Tapos tinulak nya ko papasok ng dressing room.

"Familliar talaga yung lalaking yun ah." bulong ko sa sarili ko.

Isip-isip.

O_______O

Don't tell me!

Goshh!

Coincidence?!

Ewan ko!

"Oi best! Halika na! Kanina pa sa labas yung photographer."

"AH! k k!"

Lumabas ako ng naka gown. I feel that its perfect for me. CHOSS!

Agad naman na nag flash ang camera.

Nakatingin lang ako sa kanya. Habang kumukuha sya ng litrato sakin.

Kada flash ng camera eh bumabalik lahat ang ala-ala. Masama at masaya.

*Flashback*

"Brix?!" I call out his name, softly.

"Yeah?! What's with the sad voice?!" he ask me innocently. Kailangan ko talaga 'tong gawin. Kami lang din ang masasaktan.

"Im breaking with you." halos mawala ako sa sarili ng nagawa ko na sabihin ang mga salitang 'yun.

Siya naman, kita ko sa reaksyon niya ang pagkagulat.

"Are you kidding right?! Ahahahah. Sabi ko sayo wag kang magjo-joke ng ganyan, kung hindi . . ."

Naputol bigla ang sasabihin nya ng makita nya akong nakatitig sa kanya ng seryoso.

"Are you kidding, right?!" tanong niya ulit sakin. Bakas sa tinig niya ang kaba.

"Y-yes. Im kidding." siguro, di pa ito ang tamang oras. Pero napatunayan ko sa sarili ko na kaya ko siyang iwan, na hindi masakit masyado kapag iwan niya ako.

*Flash* (END OF FLASHBACK)

Nagising na ako sa katotohanan. Ang realidad, ang ngayon.

Naglalakad pa din ako papuntang isle.

Sya naman, hirap na hirap na sa pagkuha ng litrato sakin.

Nakatingin pa din ako sa kanya.

Sana nga, sana nga hindi ka pa nawala sakin. Sana ikaw si Brix.

*FLASHBACK*

"Im going now. See you tommorow." paalam ko sa kanya.

"K. Ingat ka." tapos hinug nya ako ng mahigpit. Parang piniga ang puso ko habang yakap yakap niya ako.

Parang sinasaksak ko siya ng patalikod.

"Ill go now. Goodbye." tapos umalis na ako.

Naglalakad ako na parang zombie sa mga oras nayon.

Nasa kalsada na ako ng nalaman kung naiwan ko pala yung camera ko sa may upuan sa park.

Tumakbo ako, di ko napansin na may paparating na kotse sa kinatatayuan ko.

*BEEEPPPP!!!!!*

*SCRAATTTTCHHHH!*

*Boogggsshhh!*

Halos mabingi ako sa ingay ng mga sasakyan. Akala ko katapusan ko na.

"Huh!?" tanging salita na lumbas sa bibig ko nung natauhan na ako.

"AYY! Yung lalaki! Nasagasaan!" sigaw ng mga tao.

"Oi miss! Okay ka lang?!" tanong nila sakin.

I touch my head. Ang sakit.

Nung binuksan ko na ang mga mata ko. Nakita ko ang keychain na binigay ko kay Brix. Akala ko ba't di niya suot kanina yung key chain?

Bigla na lang tumibok ang puso ko ng pagkabilis-bilis.

"Tabi! Tabi! Paraan!"

Sigaw ko sa kanila habang pilit akong sumisiksik sa kanila.

"Brix?!" di ako makapaniwala sa nakita ko.

Nakahandusay siya sa may kalye.

Simula noon, di ko na nakita pa si Brix. At tuluyan ko na siyang kinalimutan.

(END OF FLASHBACK)

Napahinto ako saglit.

"Ahm. Can we stop for awhile?!" pinagpawisan ako. Di ko kaya.

Huminto naman yung photographer.

"Okay ka lang ba?!" si best habang lumalapit siya sakin.

"Y-yes. I want to rest. Kahit saglit lang." I suggest.

"I think its better to cancel this than to perform without a full performance. Napagod siguro sya kanina sa paghahanap sakin." sya habang lumalapit sakin.

"Okay. Sige, hatid na kita sa room mo."

Lumipas ang 30 minutos. Siguro, kaya ko na.

Pero bumabalik pa din sakin ang mga ala-alang yun.

"Best. Okay ka na?!" tanong sakin ni Best.

"Medyo okay na. Si ano, yung photographer?!" tanong ko sa kaniya. I want to talk to this guy.

"Si Keith!?"

Nadismaya ako sa narinig ko.

"Keith?!" tanong ko ulit.

"Oo. Yung photographer. Bakit?! May iba pa bang photographer dito?!"

Halos di ako makapagsalita.

"N-n-nasan sya?!"

"Nasa kabilang room. Alalang-alala yun kanina sayo. Panay tanong kung okay ka lang."

Tapos tumayo ako. Di 'to maari. Hindi siya si Keith. Si Brix siya. They have the same face, voice. I had this feeling.

"Best. Saan ka pupunta?!"

"Im okay. Don't worry. May itatanong lang ako sa kanya."

Tapos naglakad ako papunta sa room nya.

Kumatok ako. Pero walang nagbukas, kaya kusa ko na lang itong binuksan.

Hinanap ko sya. Ngunit wala sya dun.

Tanging camera lang yung nakita ko.

Tinurn-on ko yung cam.

Nabigla na lang ako sa nakita ko.

Mga pic namin ni Brix nung nagkikita pa kami.

Then the picture which is the last time that I saw him sa may park.

Siya nga ba si Brix?!

Siya nga ba ang ----?

"May dapat kang malaman. . . . . " boses na nanggagaling sa may pinto.

~

Sequel

~

"May dapat kang malaman." si Keith sabay lapit sakin.

"Malaman?! What?" di ko na namalayan ang pagpatak ng luha ko.

Isali mo na sipon ko.

"Ang lalaking nandiyan sa pic. At ako, . . . ."

"Ay iisa?!" bigla kung pagsingit sa sinabi niya.

He smiled.

"No. Its not what your thinking." He answered.

Tapos kinuha nya yung cam sabay tabi sakin.

Medyo napahiya ako dun.

"Anong hindi. Eh ano ang ibig sabihin nito?! Huh! Can you explain."

Tumayo ako and I closed the door.

He smiled again.

Ano ba sya!? Loko-loko?!

Smile ng smile?! Pa cute lang?! :3

"He's my brother. Were twins."

O____________O

Nakatingin lang ako sa kaniya.

Weh di nga?!

"See?! Your demanding an explanation. But your not accepting it."

"H-hindi. Your kidding right?!"

"Truth hurts. But that is the truth."

Nanlomo ako sa narinig ko.

Nakatayo pa din ako sa may pintoan.

"Do you still remember that day? Nung sa park. Kayo at si kuya?!"

Bigla ko na lang naalala yung araw na yun. Parang kahapon lang. Sariwa pa sa isipan ko.

"Actually. Ako yung nakipagkita sayo. Ako yung kausap mo."

O.o

"Oo nga. That day, medyo kakaiba si Brix. Kakaiba yung kinikilos nya. Minsan out of place sa mga sinasabi ko. Kasi hindi nga siya si Brix." sa isip ko.

"P-pero. Sino yung - - - -" ako.

"Yes. Si Brix yun."

ARGGHHHHH! Nakakalito na ha! Pati yung writer nalilito na din.

"Di mo ba napansin na iba yung suot nya?! Na iba sa suot ko nung nagkita tayo sa park?!"

Natulala na lang ako sa mga sinabi nya.

"Siya ang nasagasaan. Siya ang nawala."

"May cancer na noon si kuya. Stage 3 and binigyan na sya ng taning ng doktor. Hindi nya kaya na makita mo sya na ganyan ang itsura nya."

Pagpapatuloy nya.

Tumayo sya at binigay nya sakin ang camera.

Nakita ko ang mga picture ng Brix.

Nangangayayat sya. Ang dating matipunong pangangatawan nya ay napalitan ng buto't balat.

Naawa ako sa kaniya.

"Ako ang pumunta sa tagpuan nyo. Ako ang nagpanggap. Anniversary nyo daw kasi nun. Nagmakaawa sya na puntahan daw kita."

He sighed.

"Imbis na sya ang pumunta, ako na lang. He told me na di na daw nya kaya pa. Gusto na nyang magpahinga."

"Di ko akalain na pupunta pala sya dun. Tapos yun."

Para akong bata na inagawan ng lollipop. Sobra ang pagiiyak ko.

Then, he hugged me.

"Wag kang mag-alala. Nandito, lang ako. He told me na tutulungan kita until makarecover ka sa sakit na naiwan dyan sa puso mo."

I felt something na matagal ko ng hinihintay.

Hindi ko alam. Pero parang nawala lahat ng pagod, sakit at pangungulila na nararamdaman ko sa buhay ko.

"So okay ka na?!"

"Medyo." sabay punas sa luha at sipon ko.

Bigla syang natawa sa ginawa ko.

"Puntahan natin ang libingan ni kuya. Kung okay lang sayo."

Sabay tango ko. Senyales na gusto ko.

30 minutes travel. Wala kaming imik.

May mga times na nakatingin sya sakin. Na nagkakatinginan kami.

Parang si Brix lang.

Bigla na lang huminto yung kotse.

"Were here." sabi nya.

Mala paraiso ang lugar. Sa beach.

"Siya ang may gusto na dito isaboy ang abo nya."

Para syang tour guide.

Nagsasalita sya habang tino-tour nya ako sa lugar na yun.

Ng bigla syang huminto sa may statue.

"Dito rin nya gustong makasal tayo."

Bigla akong natameme sa sinabi nya. Agad-agad lang ang peg?!

Nagsmile lang ako sa kaniya.

Ngiti din ang tugon nya.

"Pasok na tayo sa mansion. Dito ka na kumain at matulog. Gabi na. Delikado sa labas."

Tango lang ang sinukli ko sa kanya. Senyales na hindi ako tumututol.

Pumasok kami sa mansion.

Nakita ko ang mga litrato nila.

Si Brix, si Keith, ang pamilya nila.

Pero, isang litrato ang nagpaiyak muli sakin.

Ako, litrato ko.

Umakyat kami sa taas.

"Dito ka na matulog. Kung may kailangan ka, nandun lang ako sa kabilang room."

"Sige." maikli kung tugon.

Dun na ako natulog sa mala resort na libingan ni Brix.

May mansion na man doon. May mga katulong at guwardya.

Medyo maluwag na sa kalooban ko ang mga nangyari.

May kirot, pero nakakaya ko ng labanan ito.

Salamat kay Keith. Naliwanagan ako.

- - - - - - - - - - - - - - - - - - -

Lumipas ang panahon, at unti-unting naghilom ang sugat sa puso ko.

Nagkikita kami ni Keith.

Ginagawa ko sa kaniya ang gusto kung gawin kay Brix.

Lahat ng pagkukulang ko sa kaniya.

May time na nagtapat sya sakin. Na gusto nyang maging kami.

Pero di ko sya sinagot. Di ko pa kaya.

Naintindihan naman nya ako.

Umalis sya papuntang states para mag-aral.

Hanggang sa dumating ang oras ng kaniyang pagbabalik.

- - - - - - - - - - - - - - - - - - -

1 year later ( SA PARK )

- - - - - - - - - - - - - - - - - - -

"So kumusta ka na?! Kumusta na ang prinsesa ko?!" siya.

"Hanggang ngayon ba naman. Ganun ka pa rin." ako.

"Di. Joke lang. So musta na?! How's your life?!"

"Im great. Ikaw?!"

"Nice to hear that your okay. Yeah, im okay too. Kakauwi ko pa lang mula states."

Sabay inom ng bottled drink.

"So bakit ka bumalik?!"

Tiningnan nya ako.

"So ano?!" ako.

Ngumiti sya.

Bigla na lang may nag bukas ng mga cartolina sa harapan namin.

"Pwedeng manligaw, Louie?!"

Di ko alam ang gagawin ko sa oras na yun. Parang napako ako sa bench.

Nakatingin lang ako sa mga cartolina nung oras na yun.

"Pwede ba?!"

Sinundan ng aking mga mata ang boses.

Nakaluhod na sya at may rosas na ibibigay sakin.

Tapos hiyawan ang mga tao sa park.

"Ayoko!"

Bigla na lang sumimangot yung mukha nya. Tapos nag pout sya.

Natawa ako sa ginawa nya. Ang cute lang! :P

Narinig ko ang panghihinayang sa mga tinig nila.

"Kasi tayo na. Ayokong manligaw ka sakin. Kasi isa lang naman ang patutunguhan nito eh."

Bigla na lang nagliwanag ang mukha nya.

Tumayo sya.

Lumapit sya sakin.

"I-i love you. I love you Louie." mangiyak ngiyak nyang sabi.

Sabay yakap sakin.

"I love you too. - - - - - Brix!?"

Kakalas na sana sya, ng bigla ko syang niyakap ulit.

"Joke lang! Ikaw naman oh! Di mabiro!"

"Love you too Keith!"

Ang lakas ng hiyawan ng mga tao sa park.

Ang ingay sa park.

Halos 1 minuto kaming magkayakap ng biglang:

"1! 2! 3! Smile!" biglang may lumapit sa amin.

*CLICK!*

*FLASH!*

~

PREQUEL

~

Guys! Prequel po ito! Ibig sabihin po, yung kwentong ito eh parang story before sa original one. Kumbaga flashback. Story po ito ni Brix at Louie.

~

"Louie!" he shouted. Yeah, I think you know who is it?

"Brix?" lumingon ako sa pinanggalingan ng boses. He runs towards me.

"Oh? Bakit parang nagmamadali yata ang boyfriend ko? May nangyari ba?" tapos I kiss him on his cheeks, he respond to my sweetness.

"Oh? Wala namang nangyari. Its nothing urgent." then he smile to me. Yung ngiti na nagpapasaya ng araw ko lagi. "I want you to meet my parents. Especially mom. Since nagpakilala na ako sa mommy mo." he said with full of bliss. Pero, hindi katulad sa nararamdaman ko.

"You think its the right idea Brix? I think hindi muna. Can we do it next time?" tapos tumalikod ako sa kaniya at naglakad, dahan-dahan. Naramdaman ko ang paglapit niya sakin. He hug me.

"Sige na Louie. Hindi naman siguro to mahirap diba kung mahal mo ako?" at habang nasa ganong sitwasyon kami, I sense he's doing his famous pout. Di alintana ang mga taong dumadaan malapit samin.

"Hayy. Oo mahal kita, pero diko kaya pa. Hindi ko alam kung matatanggap ako ng parents mo Brix." nakatayo lang kaming dalawa habang nag-uusap. Nakayakap pa rin siya sakin.

"Please? Wala naman akong paki-alam sa sasabihin nila. Basta ang mahalaga naipakilala kita sa kanila ng maayos. At higit sa lahat, wala kaming problema ni Tita." tapos inamoy-amoy niya yung leeg ko. Ang manyak ah?!

"Aray!" ayan! Masapak nga minsan. "Bakit mo yun ginawa?" he ask me. "Eh minamanyak mo na ako eh. Bitiw!" sabi ko sa kaniya. Di pa rin siya bumitiw.

"Naglalambing lang naman eh. Tapos, bakit naman kita mamanyakin? Di ako ganung tao no!?" tapos may pa gay-effect pa siya. Haha, ang loko talaga nito!

"Oh sige na! Pupunta tayo dun. Pero don't get me wrong Brix, I like you, but if your parents are against to our relationship, I think it must be the end." napatingin ako sa kaniya, at halata sa mukha niya ang pagkagulat at takot. Walang duda, mahal talaga ako ni Brix. Mas mahal ko naman siya.

"Ganun? Wag na lang tayo pumunta." sabi niya at hinawakan ang kamay ko.

Tumingin lang ako sa kaniya na parang nagsasabing "Para mo na ring sinabi na hindi boto mga magulang mo sakin ah?".

"Peace. Joke lang." pahabol niya at naglakad na kami papuntang kotse niya. I know Louie, this is the most frightening part of relationship.

~

Halos bente minutos kaming nagtravel, from the university to his residence. Hindi ako mapakali habang papalapit na kami sa bahay nila.

"Are you alright Louie?" tanong niya sakin. Tapos ngumiti siya.

"Can we postpone this now?" tanong ko sa kaniya na nakakunot ang noo. Ngumit ulit siya.

"Louie, there's no use of turning back now. Kung hindi sila payag sa relasyon natin. Eh di wag, wala akong pake. Hindi naman sila ang kailangang magmahal sayo, ako yun Louie." lumapit siya sakin then he kiss my forehead. I felt something after he kiss me. I feel that im safe and sound. I feel warmth. Ngumiti na lang ako sa kaniya at ganun din siya.

"Ready ka na?" tanong niya sakin habang hawak-hawak ang kamay ko. Tumango lang ako as a sign na ready na ako. Nagulat na lang ako nung hindi pa binubuksan ni Brix yung entrance door nila eh bigla na lang itong bumukas.

"Hi dad!" he said. Napatingin naman daddy niya saamin. Masaya siyang tumingin samin "Brix! Halika pasok kayo!" i feel relief dahil sa reaction ng daddy niya nung nakita kami.

"Hi po. Good evening." napangiti siya sakin. "Tara, pasok kayo iha." sabi ng daddy niya. Bago kami pumasok eh nagkatinginan kami ni Brix, tiningnan ko siya na parang sinasabi na "Eh yung mommy mo?"

"Okay lang yun. Dont worry." bulong niya. Tapos nginitian ko siya. Daig pa namin ang magpapakasal na diba? Pagpasok namin sa bahay nila eh tanaw ko yung mommy niya na nakaupo sa dinning table, habang kausap yung daddy niya. They are so serious, I wonder kung ano yung pinag-uusapan nila.

"Tara?" anyaya sakin ni Brix. "S-sige." nauutal kung sabi sa kaniya. Sumunod na kami papuntang dinning area. Medyo nagulat naman yung mommy niya sa nakita niya.

"Hi iho. You're with a girl today? Can you introduce her, if you don't mind?" dire-diretsong tanong ng mom niya.

"Mom she is -" i stop him. "Kaya ko na to." i whisper.

"Tita, Louie po. Louie Santiago po." parang nabunutan ako ng tinik nung nakapagsalita na ako sa harap ng mga magulang niya.

His mom looks more terrifying compare to his dad. Kumain lang kami, usap-usap sa mga bagay-bagay at kung ano-ano pa. Ang pinagtataka ko lang eh bakit may plate na naka-reserve sa dinning table? Are they expecting me?

"Mom, dad excuse me for awhile. I just need to pick this important call." tapos tumayo siya, "Louie, sandali lang." tumango lang ako.

Panay ang tingin ko sa likod kung saan naroroon siya, he's talking to someone, "Keith! Are you out of mind?! Pinapasakit mo na naman ang ulo ni mommy at daddy?!" halatang nagpipigil siya ng galit. Who is Keith by the way?

"Ohw! The dessert. Im serving it now." sabi ng mom ni Brix. Pero pinigilan siya nito ng daddy niya. "Hon. Ako na lang." tapos umalis ito.

Di ko gusto yung namamagitan samin ng mom niya, there's like an unwanted temperature between us. Naputol na lang ang pagmumuni-muni ko nung nagsalita yung mommy niya. "I dont like you. I dont like you for my son." she said cassually na halatang ikinagulat ko. "Leave him habang hindi pa ako gumagawa ng aksyon. So better leave while the sun is rising." she said at nagpatuloy sa pagkain.

Parang gumuho ang mundo ko dahil sa sinabi ng mommy ni Brix. Pinamukha niya sakin na hindi siya sang-ayon sa kung ano man ang namamagitan sa aming dalawa.

I gasp and reply " A-ano po yung sinasabi niyo?" I know, I'm stupid to ask this because its to obvious now.

"Wag mo akong gawing walang alam iha. Ayaw kong sabihin to sayo, pero ikaw ang kauna-unahang babae dinala dito ng anak ko." She said at klaro sa tono ng boses niya ang pagiging conceited nito. I didn't even know what I've said that makes her feel that way?

"And it means, may relasyon kayo ng anak ko." natumpok niya kung ano man ang namamagitan sa aming dalawa in Brix. "Trust me iha, hindi mo gugustuhin na may gawin ako." bigla akong nakaramdam ng kaba at takot sa puso ko. Hindi dahil sa sinabi ng mommy niya, kundi dahil takot akong mawala siya sakin ng tuluyan.

Hindi na ako nagsalita dahil sa mga banat ng mommy niya sakin. Bawat salita ay may kahulugan.

"Oh?! Nasan si dad?" si Brix habang papalapit sa upuan niya.

Napansin siguro niya medyo walang nagsasalita between me and his mom. "Is everything okay? Mom? Louie?"

"Of course Brix. Everything is okay. Diba Louie?" napatingin ako sa mom niya, parang nagbabanta siya.

"Y-yes. Everything is okay Brix." tapos ngumiti ako sa kaniya. Gusto ko sanang sabihin ang totoo. But it'll not help. It will just make everything worse.

Buti na lang dumating ang dad ni Brix bago pa niya mahalata ang lahat. "The dessert is ready." nabaling lahat ng atensyon namin sa dad niya.

Hindi ako makakilos ng maayos dahil sa mga sinabi ng mom ni Brix. Natatakot ako. Anong laban ko sa kanya? Mas hamak naman na mas pipiliin ni Brix yung mommy niya.

The next thing I know, nasa loob na ako ng kotse ni Brix. Tahimik lang kami. Hindi ako makatingin sa kaniya. "Maybe this is the last time I can see his face." bulong ng utak ko.

Nakapagpark na siya sa may bahay. Ganun pa rin, tahimik lang kami.

Uneasy, the right word to express my feeling right now towards him. Di ko lang alam kung pareho kami.

"Louie, kanina ka pa tahimik ah? Ano ba nangyari kanina?" then he cupped my both cheeks using his palm. Gusto kung umiyak, pero di pwede.

"Ahh? Wala. Tinanong niya lang sakin kung ano ako sa buhay mo?" sagot ko.

"Anong sagot mo?" tapos ngumiti siya.

"Asawa ko." I kiss him on his lips and do my exit.

Akala ko iiyak na ako. But I manage.

Narinig ko pa siyang sumigaw. "I love you asawa ko! Tandaan mo yan." Hindi na ako lumingon pa. Baka tuluyan na akong umiyak sa harapan niya.

Days past, hindi na kami nagkikita. Dahil sakin. Dahil sa iniiwasan ko siya palagi. Gusto kong magalit siya sakin. Para siya mismo ang mapagod at makipaghiwalay sakin.

Kapag tumatawag siya sakin, sinasabi kong busy ako at hindi ako pwede ngayon. Kapag bibisita siya sa school o sa bahay, sasabihin ko sa kaniya na wala ako dahil may pinuntahan kami.

This is the proof how stupid i am. Kung gaano ako kaduwag para hindi ipaglaban ang relasyon namin.

Dumating din ang oras kung saan di na ako nakatakas sa kaniya.

"Louie. Can we have this day to celebrate our 3rd anniversary? Kahit ngayon lang, di na kasi tayo nagkikita eh." sabi niya sa kabilang linya.

"Oo naman. Sorry kung masyado akong naging busy. Babawi ako sayo ngayon." alam ko sa sinabi kong yun eh masayang-masaya siya.

"Really? Okay susunduin kita diyan sa school ha? I love you asawa ko." napangiti na lang ako sa sinabi niya.

Kung pwede ko pa sabihin sayo ang salitang yun. Ang tatlong salita na yun.

I ended the call right away.

~

Naging masaya para sa kaniya ang araw na to. Ginawa ko kasi ang lahat para makabawi sa lahat. At para di niya makalimutan pa ang huling araw na makikita niya ako. Napapansin ko lang ngayon na parang minsan wala siya sa sarili niya.

Taliwas naman sa nararamdaman niya ang sakin. Napakasakit para sakin ang gawin ito mag-isa. Walang karamay. Ako lang ang nasasaktan.

Nandito kami ngayon sa park, naka-upo. "Brix, lets end our relationship. I want to break-up with you." halos maiyak ako sa sinabi ko, pero pinigilan ko ito.

Tiningnan lang ako ni Brix, na tila naguguluhan sa sinabi ko. "Are you kidding right?" tanong niya sakin, pinilit niyang ngumiti pero napalitan ito dahil sa tingin niya seryoso ako. "Are you kidding right? Louie?" pag-uulit niya.

"Of course I am." sagot ko. Naging maaliwalas yung mukha niya.

Nag-usap pa kami hanggang sa oras na kailangan na naming maghiwalay.

"Ill go now." pagpapaalam ko.

Naglalakad ako na parang zombie sa oras na yun ng biglang maalala ko na naiwan ko yung camera ko. Tumakbo ako ng mabilis para kunin ulit yun, at di ko namalayan ang papalapit na kotse.

*BEEPPPP!* *SCRATCH!* *BOGHSSHH!*

Halos mabingi ako sa ingay ng mga sasakyan. Akala ko katapusan ko na.

Minulat ko ang mga mata ko, di ako nasagasaan. May tumulak sakin. Naramdaman ko yun.

Pero, nakita ko yung keychain na binigay ko kay Brix. Akala ko ba hindi niya sinuot kanina?!

Nakaramdam ako ng takot at kaba. "Padaan! Padaanin niyo ako!" sumiksik ako sa mga tao. "Brix?!"

Nagulat ako dahil sa nakita ko, nakahandusay siya at duguan. Gusto ko man siyang tulungan pero di pwede dahil nandun yung mommy niya. Ako ba ang sasagasaan niya? Pero bakit?!

Dahil sa pangyayaring yun. Di ko na nakita pa si Brix. At tuluyan ko na siyang kinalimutan.

4 YEARS LATER

"Hayyy! Ang init! Nasan na ba yung sinasabing photographer ni Best?!" pagrereklamo ko. Ako dapat yung nandun sa set eh, at si Best yung naghahanap sa photographer. Tsk tsk!

Nakita ko yung isang lalaki, busy sa pagkuha ng mga litrato. "Baka siguro siya na yun." bulong ko. Itatanong ko na lang din sa kaniya yung address ng photographer.

"Kuya, kilala mo ba kung sino ito? Saan po yung address na ito?" tanong ko sa kaniya. Bigla niyang tinutok sakin yung camera at nag flash!

Kinunan niya ako ng litrato! ASDFGHJKL! Kuya nagtatanong po ako hindi nagpapakuha ng litrato! Shunga!

Pero nagulat ako sa nakita ko. "Oh! This is me!" sabi ni,

"Brix?!" i whisper.

THE END